



Royal Commission sa Karahasan, Pang-aabuso, Kapabayaang at Pagsasamantala sa mga Taong May Kapansanan

Inumpisahan na ng Pamahalaan ng Australya ang pampublikong konsultasyon tungkol sa draft ng mga Tuntunin ng Sanggunian para sa Royal Commission sa Karahasan, Pang-Aabuso, Kapabayaang at Pagsasamantala sa mga Taong May Kapansanan.

Ang unang hakbang sa pagtatatag ng isang Royal Commission ay ang paglatag ng mga Tuntunin ng Sanggunian.

Nais marinig ng Pamahalaan mula sa mga taong may kapansanan, kanilang mga pamilya at mga tagapag-alaga, at sa sektor ng may kapansanan, kung ano ang dapat sakupin ng Royal Commission at kung anong mga suporta ang maaaring kailanganin.

Ang Royal Commission ay tututok sa mga dapat gawin ng pamahalaan, mga institusyon at komunidad upang maiwasan at tumugon sa karahasan, pang-aabuso, kapabayaang at pagsasamantala sa mga taong may kapansanan.

Malamang na masakop nito ang lahat ng uri ng karahasan, pang-aabuso, kapabayaang at pagsasamantala sa mga taong may kapansanan, saanman ito ay nangyayari.

Ang konsultasyon ay hindi naghahangad ng partikular na impormasyon tungkol sa mga kaso ng pang-aabuso o karahasan.

Kung ikaw ay kasalukuyang dumaranas ng anumang anyo ng karahasan o pang-aabuso, o nag-aalala para sa iyong kaligtasan, tawagan ang 000 o kontakin ang Pulisya.

Bakit kailangan natin ang isang Royal Commission

Ang 4.3 milyong tao na may kapansanan sa Australya ay may karapatang mabuhay nang ligtas sa karahasan, pang-aabuso, kapabayaang at pagsasamantala.

Ang mga taong may kapansanan ay mas malamang na makaranas ng pang-aabuso, kapabayaang, karahasan at pagsasamantala kaysa sa mga taong walang kapansanan.

May ilang mga katanungan, kung saan nagsalita ang mga taong may kapansanan tungkol sa kanilang mga

karanasan sa karahasan, pang-aabuso, kapabayaang, at pagsasamantala.

Makakarinig ang Royal Commission mula sa mga taong may kapansanan, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga tungkol sa kanilang mga karanasan sa karahasan, pang-aabuso, kapabayaang o pagsasamantala. Ito ay sisiguro na mapapangalagaan ang mga karapatan ng mga tao at magsusulong sa mas inklusibong lipunan.

Konsultasyon para sa mga Tuntunin ng Sanggunian

Nagtatakda ang mga Tuntunin ng Sanggunian kung ano ang maaaring masakop at maiulat ng Royal Commission.

Hihingin ng Pamahalaan ng Australya ang iyong mga pananaw tungkol sa mga Tuntunin ng Sanggunian upang tiyakin na makukuha nila ang mga isyung mahalaga sa mga tao.

Magbigay ng iyong palagay tungkol sa mga Tuntunin ng Sanggunian sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pampublikong survey sa engage.dss.gov.au

Suporta upang makibahagi

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsagot ng survey na ito, kontakin ang Survey Hotline sa **1800 880 052** Lunes hanggang Biyernes mula ika-9 ng umaga hanggang ika-7 ng gabi AEST

Ang mga taong may kapansanan, kanilang mga pamilya at tagapag-alaga ay maaari ring makakuha ng suporta mula sa mga tagapagtaguyod ng National Disability Advocacy Program. Ang Disability Advocate Finder ay nasa <https://disabilityadvocacyfinder.dss.gov.au>

Mga susunod na hakbang

Ang pamahalaan ay hihingi ng pahintulot ng Gobernador-Heneral upang magtatag ng isang Royal Commission matapos makumpleto ang pampublikong konsultasyon.

Ang iyong mga komento ay ibibigay sa Pamahalaan upang maitakda ang mga Tuntunin ng Sanggunian.

Ibigay ang iyong palagay tungkol sa mga Tuntunin ng Sanggunian para sa Royal Commission sa pamamagitan ng pagsagot sa survey na ito sa engage.dss.gov.au